# Ang Pag-akyat sa Langit ni HesuKristo

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Fr. Alex Balatbat
Mayo 21, 2022

Ang pagkamatay, pagkabuhay at pag-akyat sa langit ni Hesus Kristo ang gumabay sa atin upang matuklasan ang ating tunay na pagkakakilanlan na ang Diyos ay ipinadala ang Kanyang bugtong na Anak upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan at ang walang hanggang kapahamakan. Talaga namang ang pag-akyat sa langit ni Hesus ang nagpapatunay na Siya ay buhay, na kailangan nating yakapin ang krus at sumunod sa Kanyang mga yapak at mapuspos na may kadakilaan , posibilidad at pakikiramay.

**Mga paalala sa pagdiriwang ng kadakilaan, mga pagkakataon at pakikiramay**

**1. Hindi tayo dapat matakot sa sakit.**

1.1. Huwag matakot sa iyong mga sakit, kalungkutan, at pagkasira dahil bahagi sila ng paglalakbay sa buhay. Binibigyan ng Diyos ng kagalingan ang mga pusong wasak at mga sugat ay bibigyan ng lunas (Awit 147:3).

**2. Natututo tayo dahil sa mapait nating karanasan at nailalabas ang ating mga kakayahan.**

2.1. Hindi dumating si Hesus para alisin ang mga paghihirap at pasakit sa ating buhay dahil kasama natin Siya sa bawat pagkakataon."Huwag matakot dahil kasama mo Ako"(Isa.41:10).

**3. Ang mga taong matagumpay ay may mga kabiguan sa kanilang talambuhay.**

3.1. Kaibigan ang tawag nila sa kabiguan. Ito ang magandang pagkakataon upang matuto mula sa mga kamalian, kahinaan, mga naranasang kabiguan, at kahirapan. Napabubuti nito ang ating kakayahan, posibilidad at katatagan. Simula ito ng tagumpay. "…lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina" (2 Cor.12:9).

**4. Ang krus ang sentro ng ating pananampalataya.**

4.1. Ang krus ay simbolo ng kamatayan, pagkabuhay, pag-akyat sa langit at kaligtasan. Bilang Kristiyano yakapin natin ang ating mga krus- "Kung ibig ninuman ang sumunod sa akin, limutin niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin" (Marcos 8:34).

**5. Maaari nating matuklasan ang pagpapala sa ating mga pighati at kalungkutan.**

5.1. Pinaalala ni Hesus na ang paghihirap/ kalungkutan ay bahagi ng ating buhay. "Sinabi ko ito sa inyo upang kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa pakikipag-isa sa akin. Mayroon kayong kapighatian dito sa sanlibutan; ngunit lakasan ninyo ang inyong loob! Napagtagumpayan Ko na ang sanlibutan" (Juan16:33).

**6. Kailangan nating tanggapin ang mga bagay na hindi natin kayang gawin at makamit, upang matukoy natin kung sino tayo.**

Kailangang alam din natin kung hanggang saan lang ang ating kakayahan at kilalanin kung ano ang magagawa natin para sa kaluwalhatian ng Diyos.

**7. Sinabi ng Diyos sa atin na ililigtas Niya ang ating puso sa pagkabulag dahil sa poot, paghihiganti at kaisipang di magtagumpay.** Ipinahayag din Niya na ang ating katawan ay may taglay na binhi ng kadakilaan at lalago lamang ito kung gugustuhin natin, at kung tayo'y susunod, igagalang at mamahalin ang Diyos.

**8.Gusto ni Hesus na igalang natin ang bawat isa**. Huwag nating kutyahin o ipahiya ang kapwa dahil bininyagan tayo sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

**Konklusyon:**

Ang Misteryo ng Pasko ay nababalot sa kaisipang pinadala ng Diyos ang Kanyang bugtong na anak upang maging tao na tulad natin. Tiniyak ni Hesus na ang bawat isa sa atin ay may nakalaang lugar na sa langit, kaya dapat mamuhay tayo ayon sa Kanyang kagustuhan. Ipinaalala rin ng Diyos na ang dignidad natin ay malalim na naka-ugnay sa Banal na Santatlo at tayo ay ginawang kawangis ng Diyos.

**Pagninilay:**

1. Paano mo nakikita ang iyong kapwa tao?
2. Nakikita mo ba ang iyong kapwa nang may pagsamba at paggalang?
3. Pinahahalagahan mo ba ang pagkatao ng kapwa?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Panalangin